| | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
|---|---|---|
| PhilHealth<br>*Your Partner in Health* | **Circular No.** | **2021-0007** |
| | **Title** | Implementing Guidelines on the Coverage of COVID-19 Vaccine Injury due to Serious Adverse Effects (SAEs) following immunization resulting in Hospitalization, Permanent Disability, or Death under the COVID-19 National Vaccine Indemnity Fund |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **1. Ano ang naging batayan para sa COVID-19 Vaccine Indemnity Fund?** | Alinsunod sa COVID-19 Vaccination Program Act o RA No. 11525 kinakailangan ang paglikha ng COVID-19 National Vaccine Indemnity Fund upang magbigay ng coverage sa mga taong makararanas ng seryoso at masamang epektong dulot ng bakuna.<br><br>Ang PhilHealth ang itinalaga upang mangasiwa ng nasabing pondo na pambayad sa mga bayarin sa ospital, pagkakaroon ng permanenteng kapansanan o kamatayan dulot ng masamang epekto ng bakuna.<br><br>Upang maisakatuparan ang mandatong ito, inaprubahan ang PhilHealth Board Resolution No. 2603 s.2021 upang lumikha ng isang package na sumasaklaw sa pagpapaospital, permanenteng kapansanan, at pagkamatay dahil sa malubhang epekto matapos ang pagpapabakuna para sa COVID-19.<br><br>Upang maipatupad ito, inilabas ng PhilHealth ang Circular na ito upang ilatag ang mga panuntunan para sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package. |
| **2. Magkano at ano -ano ang saklaw ng pakete sa ilalim ng COVID-19 Vaccine Injury?** | Saklaw nito ang mga seryosong kaso at kundisyon na kikilalanin ng PhilHealth ayon sa pagsusuri bilang "vaccine product-related reaction" o "vaccine quality-defect" reaction dahil sa bakunang COVID-19 na nagresulta sa:<br><br>1. Pagpapa-ospital na aabot hanggang sa Php100,000 bilang reimbursement sa gastos sa ospital matapos maibawas ang mga mandatory discounts, PhilHealth benefits, at iba |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| | pang mga benepisyo.<br><br>2. Permanenteng kapansanan o pagkamatay bilang gratuity o lumpsum na kabayaran na Php100,000 na babayaran nang isang beses sa mga benepisyaryo. |
| **3. Ano ang eligibility requirements ng COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package?** | Upang maging kwalipikado, kinakailangan ang mga sumususnod na kundisyon:<br><br>1. Nakatanggap ng inokulasyon kahit minsan sa pamamagitan ng COVID-19 Vaccination Program;<br>2. Nagkaroon ng serious adverse effects kasunod ng pagpapabakuna na nagresulta sa pagpapa-ospital, permanenteng kapansanan, o pagkamatay;<br>3. Napag-alaman sa causality assessment na ito ay vaccine product-related reaction" o "vaccine quality defect-related reaction"; at<br>4. Ang mga kumpletong dokumento ay naisumite sa PhilHealth. |
| **4. Ano ang hindi kasama sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package?** | Ang alinman sa mga sumusunod ay hindi eligible na mag-claim para sa COVID-19 Vaccine Injury Comprehensive Package:<br><br>1. Kung ang kino-kwestyon na bakuna ay nabigyan na ng Certificate of Product Registration.<br>2. Ang claimant ay nakatanggap o planong makatanggap ng compensation mula sa COVAX- No Fault Compensation Program (COVAX-NFCP).<br>3. Lumitaw sa causality assessment na ito ay hindi "vaccine |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| | product–related reaction" o "vaccine quality defect-related reaction". |
| **5. Ang pagki-claim ba para sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package ay magreresulta sa diskwalipikasyon para sa iba pang health and social security benefits para sa COVID 19 Vaccine adverse reaction at vice versa?** | Ang claimant ay maaari pa ring makatanggap ng iba pang mga benepisyo na ibinibigay ng iba pang ahensya tulad ng SSS, GSIS, at ECC na nararapat para sa kanya.<br><br>Gayundin, ang COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package ay hiwalay sa PhilHealth benefits sa ilalim ng National Health Insurance Program. Kung kaya't ang gastos sa ospital ng apektadong indibidwal ay sakop ng naaangkop na benepisyo ng PhilHealth sa ilalim ng All-Case Rates Policy. Ang benepisyo ng PhilHealth para dito ay dapat na ibawas ng ospital sa gastusin ng pasyente at i-file ng pasilidad sa PhilHealth para sa reimbursement. |
| **6. Sino ang magpa-file para sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package?** | Ang principal member o ang kanyang benepisyaryo ang magpa-file ng claim para sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package sa pinakamalapit na tanggapan ng PhilHealth sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga kinakailangang dokumento. |
| **7. Nabanggit na isa sa mga eligibility requirements ay ang causality assessment na nagpapakita na ang kaso ay dahil sa "vaccine product-related reaction" o "vaccine quality defect-related reaction". Kailangan bang** | Kung ang claimant ay walang kopya ng causality assessment, hindi na kailangang kumuha nito. Ang PhilHealth ang siyang magre-refer ng claim sa mga eksperto para sa causality assessment. Subalit, ang claims processing ay tatagal ng higit sa 60 araw dahil sa ang causality assessment na ito ay mahalagang batayan sa pagsusuri ng claim.<br><br>Samantala, kung ang claimant ay mayroong kopya ng causality |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **kumuha ng claimant ng causality assessment?** | assessment, maaari niya itong isumite kasama ang iba pang mga dokumento sa PhilHealth. |
| **8. Kung ang claimant ay nanatili lamang sa emergency room (ER), siya ba ay eligible para mag-claim ng COVID-19 Vaccine Injury Compensation Package?** | Ang principal member ay dapat na admitted (ng hindi bababa sa 24 oras) sa ospital upang maging eligible sa pagki-claim para sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation maliban sa mga sumusunod na kadahilanan:<br>1. Ang principal ay namatay sa ER bago ang admission sa health care facility;<br>2. Ang mga serbisyo at commodities na kini-claim ay ibinigay sa emergency room kung saan siya namalagi ng higit sa o katumbas ng 24 na oras dahil sa kakulangan ng bed capacity; at<br>3. Ang benepisyaryo ay namatay sa loob ng 24 na oras pagkaraan ng admission sa isang health care facility. |
| **9. Maaari bang mag-file ang claimant para sa permanenteng kapansanan gayundin para sa kamatayan?** | Hindi. Ang claimant ay maaari lamang mabayaran ng isang beses. Kung ang claim para sa permanent disablity ay nabayaran na nang buo, ang kasunod na pagke-claim para sa kamatayan ay hindi na babayaran. |
| **10. Maaari bang mag-file ang claimant para sa pagpapa-ospital at gayundin sa pagkamatay o permanenteng kapansanan?** | Oo. Ang pagpapa-ospital ay maaaring i-claim kasabay ng permanent disability o kamatayan. |

| | TAMANG SAGOT (TS)<br>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
|---|---|---|
| PhilHealth<br>Your Partner in Health | **Circular No.** | **2021-0007** |
| | **Title** | Implementing Guidelines on the Coverage of COVID-19 Vaccine Injury due to Serious Adverse Effects (SAEs) following immunization resulting in Hospitalization, Permanent Disability, or Death under the COVID-19 National Vaccine Indemnity Fund |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **11. Paano kung hindi na makapag-file ng claim ang principal member?** | Kung sakaling hindi makapag-file ang principal (ibig sabihin, namatay o nagkaroon ng permanenteng kapansanan), ang mga sumusunod na pangunahing benepisyaryo ay maaaring mag-file ng claim sa kanyang ngalan:<br>1. Legal na asawa hanggang sa siya ay muling mag-asawa.<br>2. Lehitimo, na-lehitimo, o kinilalang illegitimate na mga anak (Ang bahagi ng mga illegitimate na anak ay 50% lamang sa bahagi ng mga lehitimong anak).<br>Kung sakaling walang pangunahing makikinabang, ang mga lehitimong magulang bilang secondary beneficiaries ay maaaring mag-file ng claim. |
| **12. Kaagad bang mababayaran ang isang claim na mapapatunayang valid?** | Babayaran ng PhilHealth ang claim hangga't mayroong available na pondo. Ang pagbabayad para sa Philippine COVID-19 Vaccine Program ay manggagaling sa COVID-19 Vaccine Indemnity Fund. Ang pagre-release nito sa PhilHealth ay sasailalim ayon sa umiiral na batas at alituntunin. |
| **13. Kung ang isang claim ay made-deny, maaari bang umapela o humiling ng reconsideration ang claimant?** | Ang claimant ay maaaring mag-file ng motion for reconsideration (MR) sa loob ng 15 araw mula ng matanggap ang desisyon.<br>Kung made-deny ang MR, ang claimant ay maaari pa ring mag-file ng appeal sa loob ng 15 araw mula ng matanggap ang desisyon. |
| **14. Hanggang kailan maaaring mag-file ng claim para sa COVID-19 Vaccine Injury Compensation** | Ang mga claim ay maaaring i-file mula Marso 3, 2021 hanggang Marso 2, 2026 o hanggang sa makumpleto ang COVID-19 Vaccination Program alinman ang dumating ng mas maaga. |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **Package?** | Nakasaad sa Section 10 ng RA No. 11525 na ang indemnity fund ay balido at dapat na available para sa disbursement hanggang sa i-terminate ng Pangulo ng Pilipinas. Nakasaad din sa nasabing Seksyon na ito ay mananatiling may bisa sa loob ng 5 taon hanggang sa bisa ng Batas o hanggang ideklara ng gobyerno na nakumpleto na ang COVID-19 Vaccination Program, alinman ang dumating ng mas maaga. |